

Gabay sa Tagapagbigay-serbisyo

OR PTC DCI
BERSIYON 2.2
5/28/2026



Nilalaman	
Disclaimer	5
Ano ang Electronic Visit Verification (EVV)?	5
Ano ang OR PTC DCI?	5
Mga Karaniwang Tuntunin	5
Pag-log in sa OR PTC DCI Web Portal.....	8
Impormasyon ng Username at Password.....	8
Ano ang aking username?	8
Ano ang aking password?.....	8
Mga Panuntunan sa Password	9
Pag-log In.....	9
Unang Beses na Mag-log In	10
Tanong na Panseguridad.....	11
News Posts (Mga Post ng Balita)	12
Gustong Wika.....	14
Mga Opsiyon sa Pagkuha ng Oras.....	15
OR PTC DCI Mobile App	15
Pag-download sa OR PTC DCI Mobile App	16
Pag-log in sa OR PTC DCI Mobile App	18
Mga News Post (Post ng Balita) sa Mobile App.....	20
Mobile App Dashboard	21
Menu ng Mobile App	22
Module sa Pagpapadala ng Mensahe ng Mobile App.....	23
Entries (Mga Entry) sa Mobile App	24
Mobile App: Beripikahin ang isang entry.....	26
Mobile App: Tanggihan ang isang Entry.....	27
Gustong Wika sa Mobile App	28
Logout (Pag-log Out) sa Mobile App	29
Mga Real-Time na Entry sa OR PTC DCI	30
Clock Out Verification (Pagberipika sa Pag-clock Out) sa Mobile App	32
Clock Out (Pag-clock Out) sa Mobile App.....	36



Q&A ng OR PTC DCI Mobile App	37
OR PTC DCI Mobile App Offline	40
Pagsisimula sa Mobile App Offline	40
Puwede ba akong magrehistro ng higit sa isang device para sa Mobile App Offline?.....	40
Nakarehistro ang aking device. Ano na ang susunod?	41
Ano ang Puwede Ninyong Gawin sa Mobile App Offline?	42
Gaano Katagal Kayo Puwedeng Maging Offline?	42
Ano ang mangyayari kapag nag-log in ako sa mobile app kapag nag-online na ulit ako?	43
Nakakukuha ako ng error sa koneksiyon ng internet; ano ang dapat kong gawin?	44
Pag-troubleshoot sa Offline Mode	44
OR PTC DCI Landline.....	45
Mga Real-Time na Entry sa OR PTC DCI Landline	45
Landline – Pag-clock In.....	47
Landline – Pag-clock Out	48
Mga Historical na Entry sa OR PTC DCI Landline	48
Q&A para sa OR PTC DCI Landline.....	50
OR PTC DCI Fob.....	52
Paggamit ng OR PTC DCI Fob	52
Timesheet para sa OR PTC DCI Fob	52
Q&A para sa OR PTC DCI Fob.....	54
OR PTC DCI Web Portal.....	55
Pag-log In sa OR PTC DCI Web Portal	56
Dashboard ng Pangkalahatang Ideya ng OR PTC DCI Web Portal.....	59
Paano gamitin ang Widget na Authorizations (Mga Awtorisasyon)	61
Accounts (Mga Account) sa OR PTC DCI Web Portal	62
Pangkalahatang Ideya ng Module para sa Pagpapadala ng Mensahe sa OR PTC DCI Web Portal.....	62
Q&A para sa OR PTC DCI Web Portal.....	66
Pagdaragdag ng Entry ng OR PTC DCI Web Portal.....	66
Magdagdag ng Entry sa Fob sa Web Portal	66
Mga Entry sa Fob - Mga Di-wastong Token	68



Web Portal na Nagdaragdag ng mga Historical na Entry	68
Mga Code ng Dahilan.....	69
Pagdaragdag ng Code ng Dahilan	70
Upang Beripikahin na Nagdagdag Kayo ng Code ng Dahilan	70
Upang Alisin ang Code ng Dahilan.....	70
Mga Historical na Entry – Q&A	72
Pagdaragdag ng mga Entry ng Mileage sa OR PTC DCI Web Portal	74
Tingnan ang isang Entry sa Dashboard sa OR PTC DCI Web Portal.....	76
OR PTC DCI Mobile Web.....	76
Pag-access sa OR PTC DCI Mobile Web	76
Pag-navigate sa OR PTC DCI Mobile Web	78
Pagdaragdag ng Bagong Entry ng Pag-punch sa OR PTC DCI Mobile Web.....	78
OR PTC DCI Mobile Web Tingnan, Beripikahin, Tanggihan ang Mga Entry.....	81
Mga Mensahe/Inbox sa OR PTC DCI Mobile Web.....	82
Paglalagay ng Mileage sa OR PTC DCI Mobile Web.....	83
Paano Magdagdag ng historical na Entry sa OR PTC DCI Mobile Web	86
OR PTC DCI Mobile Web Full Site	90
Tingnan ang Mag-edit ng Entry sa OR PTC DCI Mobile Web Full Site para sa higit pang impormasyon.	90
Mileage sa Pagpasok sa OR PTC DCI Mobile Web Full Site	94
Paano Pumasok sa isang Historical na Entry sa OR PTC DCI:	98
Mga Pagwawasto sa Entry	103
Mga Pag-edit sa Entry.....	103
Responsable ang mga tagapagbigay para sa paglalagay at pagwawasto ng sarili nilang oras sa OR PTC DCI.....	103
Dapat Makipag-ugnayan ang Mga Tagapagbigay sa Lokal na Tanggapan para sa Tulong sa Pag-edit ng Entry	103
Pag-navigate sa Inyong Mga Entry	103
Upang Mag-edit ng Entry.....	105
Tanggihan ang Mga Entry.....	107
Mga Hindi Beripikadong Entry.....	107



Q&A ng Mga Entry sa OR PTC DCI.....	109
Settings ng User.....	110
Palitan ang Password.....	110
Forgot Password (Nakalimutan ang Password).....	112
I-reset ang Password.....	116
Magdagdag ng PIN.....	118
Palitan ang PIN.....	119
Palitan ang mga Tanong na Panseguridad.....	121
Palitan ang Email.....	122
Beripikahin ang Numero ng Mobile Phone.....	124
Palitan ang isang Naberipikang Numero ng Mobile.....	127
Palitan ang Username.....	129
Suporta.....	131
Suporta sa PTC.....	131
DCI Help Desk (Available nang 24/7, maliban sa mga piyesta-opisyal).....	132
DCI Help Center.....	132
Pangkalahatang Q&A.....	132

Disclaimer

Ang content na makikita sa dokumentong ito ay nilalayon para sa mga tagapagbigay-serbisyong gumagamit ng OR PTC DCI system.

Ano ang Electronic Visit Verification (EVV)?

Inaatasan ng Pamahalaang Pederal ang mga estado na mangalap ng ilang partikular na impormasyon sa paraang elektroniko kapag nagbibigay ng mga serbisyo ng personal na pangangalaga, mula ito sa 21st Century Cures Act (Batas sa Pagbibigay-lunas sa Ika-21 Siglo). Ito ay tinatawag na Electronic Visit Verification (EVV, Elektronikong Pagberipika sa Pagbisita).

Kinokolekta ang mga sumusunod na datos sa bawat pagbisita:

- Petsa ng pagbibigay ng serbisyo
- Oras ng Simula/Tapos
- Uri ng serbisyo
- Lokasyon ng serbisyo
- Pangalan ng tagapagbigay-serbisyo
- Pangalan ng konsyumer na tumatanggap ng mga serbisyo




Ano ang OR PTC DCI?

- Ang ibig sabihin ng OR PTC DCI ay Oregon Provider Time Capture Direct Care Innovations.
- Ang Direct Care Innovations ay ang elektronikong tool sa pagsubaybay ng oras.
- Gagamitin ninyo ang OR PTC DCI upang ilagay ang oras na tinrabaho at mileage.
- Puwedeng gamitin ng konsyumer ang OR PTC DCI upang suriin at i-sign off ang oras na tinrabaho ninyo. Opsiyonal ang aksiyong ito, at ang konsyumer ang bahala kung interesado siya sa pagsusuri at pag-sign off sa tinrabaho ninyong oras.

Mga Karaniwang Tuntunin

- **Awtorisasyon:** Tinutukoy ang mga petsa ng simula at tapos ng pay period (panahon ng pasahod), bilang ng oras at milya kung para saan inaprobahan ang serbisyo, at ang konsyumer at ang tagapagbigay-serbisyo.
- **Panuntunan sa Negosyo:** Ang isang panuntunan sa negosyo ay nagsasabi sa sistema kung maaari kayong gumawa ng isang bagay o hindi. Kapag may hindi nasunod na ilang panuntunan sa negosyo, maaaring hindi ma-save ang entry. Kapag may hindi nasunod na iba pang panuntunan sa negosyo, maaaring ma-save ang entry pero mananatili ito sa katayuang Nakabinbin.
- **Kliyente:** Ang profile ng konsyumer sa OR PTC DCI ay tinatawag na Profile ng Kliyente.

- **Empleyado:** Ang profile ng tagapagbigay-serbisyo sa OR PTC DCI ay tinatawag na Profile ng Empleyado. Kasama na rito ang mga Manggagawa sa Pangangalaga sa Bahay at mga Katuwang sa Personal na Pangangalaga.
- **Tagapag-alaga:** Kung ang konsyumer ay may Consumer Employer Representative (CER, Kinatawan ng Employer para sa Konsyumer), gagamit siya ng profile sa OR PTC DCI na tinatawag na Profile ng Tagapag-alaga.
- **Historical na Entry:** Ang historical na entry ay anumang entry na idinagdag sa OR PTC DCI Web Portal na hindi inilagay nang real time. Ang mga historical na entry ay hindi nakasusunod sa EVV. Kung kayo, bilang tagapagbigay-serbisyo, ay nakatira sa ibang time zone kaysa sa kung saan kayo nagtatrabaho, siguruhing ilagay ang inyong mga historical na entry ayon sa inyong sariling personal na time zone.
- **Lokal na Tanggapan:** Ang lokal na tanggapan ang tanggapan ng Oregon Department of Human Services (ODHS, Kagawaran ng mga Serbisyon Pantao ng Oregon) sa inyong lugar. Kung kayo ay Personal Care Attendant (PCA, Katuwang sa Personal na Pangangalaga), sa halip ay kailangan ninyong makipag-ugnayan sa tanggapan ng programa ng PCA.
- **OR PTC DCI Fob:** Maaari kayong gumamit ng maliit na device, na tinatawag na fob, upang gumawa ng mga real-time na entry. Dito, kinakailangan ninyong pumili ng button sa fob sa simula at tapos ng inyong shift, irekord ang code na ipinakikita, at ilagay ang code na ito kasama ng iba pang impormasyon ng shift sa OR PTC DCI Web Portal sa ibang pagkakataon.
- **OR PTC DCI Mobile App:** Maaari ninyong gamitin ang mobile app upang mag-clock in at mag-clock out nang real time. Puwedeng piliin ng konsyumer na mag-sign off sa mga serbisyon ibinibigay ninyo gamit ang inyong mobile app.
- **OR PTC DCI Mobile Web Full Site:** Ang kompletong OR PTC DCI website ay puwede ring i-access sa mga mobile device. Mag-navigate sa OR PTC DCI website sa inyong mobile device. Pagkatapos, piliin ang Go to Full Site (Pumunta sa Kompletong Site) sa ilalim ng button na Sign In (Mag-sign In). Sa kompletong site, binibigyang-daan kayo na mag-edit ng mga entry, maglagay ng mga historical at fob na entry, maglagay ng mileage, magbasa, at magpadala ng mga mensahe, at gawin ang anupamang ibang puwedeng gawin sa OR PTC DCI Web Portal.
- **OR PTC DCI Mobile Web:** Ang mobile web ay isang bersiyon ng OR PTC DCI Web Portal na akma sa mobile. Ang inyong smart device ay magde-default sa mobile web kapag nag-navigate kayo sa OR PTC DCI website sa browser. Hindi kayo makakapag-edit ng mga



entry sa OR PTC DCI Mobile Web, at hindi rin ninyo makikita ang impormasyon sa dashboard, gaya ng overtime gauge.

- **OR PTC DCI Landline:** Maaari ninyong gamitin ang landline na telepono ng konsyumer upang mag-clock in at mag-clock out, o upang maglagay ng mga historical na entry ng oras.
- **OR PTC DCI Web Portal:** Ang kompletong OR PTC DCI website, o web portal, ay maa-access mula sa mga desktop at laptop computer, pati na rin sa mga smart device (kapag ina-access sa smart device, nagde-default ito sa OR PTC DCI Mobile Web).
- **Password:** Ang password na ibinigay sa inyo ng Ahensiya upang i-access ang OR PTC DCI. Kakailanganin ninyo na i-update ang inyong password sa unang pagkakataong mag-log in kayo at palitan ito kada 60 araw pagkatapos nito para sa mga layuning panseguridad.
- **PIN:** Ang PIN ay numerong may apat na digit na magagamit ninyo upang mag-log in sa OR PTC DCI Mobile App kapalit ng inyong password. Ilalagay rin ninyo ito kapag nagka-clock in at out gamit ang OR PTC DCI Landline. Nagtatalaga rin ng PIN para sa mga konsyumer na dapat nilang ilagay kung gagawa kayo ng historical na entry gamit ang OR PTC DCI Landline. Kung nais nila, puwede nila itong gamitin upang beripikahin ang mga real-time na OR PTC DCI Mobile App entry.
- **Punch:** Isang entry ng oras o entry ng mileage.
- **Mga Real-Time na Entry:** Ginagawa ang mga real-time na entry kapag kayo, bilang tagapagbigay-serbisyo, ay nag-clock in at out sa panahon ng inyong shift. Ang mga real-time na entry sa OR PTC DCI ay sumusunod sa EVV.
- **Code ng Dahilan:** Ang Code ng Dahilan ay ang dahilan kung bakit hindi ginagawa ang entry nang real time. Mangangailangan ang OR PTC DCI ng code ng dahilan kapag nagdaragdag ng historical na entry sa web portal o kapag nag-e-edit kayo ng entry. Mahalaga ang mga code ng dahilan para sa Ahensiya upang masubaybayan ang pagsunod sa EVV. Dapat lang pumili ang mga tagapagbigay-serbisyo ng mga code ng dahilan na nagsisimula sa Tagapagbigay-serbisyo mula sa drop-down na listahan kapag pumipili ng code ng dahilan.
- **Account para sa Serbisyo:** Ang account para sa serbisyo ang nag-uugnay sa tagapagbigay-serbisyo at konsyumer sa OR PTC DCI. Inaawtorisa ng account para sa serbisyo ang tagapagbigay-serbisyo na gumawa ng mga entry ng oras at mileage para sa konsyumer.
- **Code para sa Serbisyo:** Ang pangalan ng serbisyong ibinigay ninyo sa inyong (mga) konsyumer. Ipa-prompt kayo na pumili ng code para sa serbisyo sa proseso ng paglalagay ng oras. Ang halimbawa ng pangalan ng code para sa serbisyo ay Hourly ADL/IADL-1 (Kada Oras na ADL/IADL-1).
- **Smart Device:** Isang elektronikong device na nagpapagana ng Android 8.0 (o mas bago) o iOS 14 (o mas bago). Kasama sa mga halimbawa ang mga smart phone at tablet.
- **Username:** Ang pangalang ibinigay sa inyo ng Ahensiya upang i-access ang OR PTC DCI. Puwede itong palitan sa Settings (Mga Setting) (tingnan ang [Palitan ang Username](#) para sa iba pang impormasyon).

Pag-log in sa OR PTC DCI Web Portal

Impormasyon ng Username at Password


Ano ang aking username?

Ang inyong username ay ang inyong natatanging identifier bilang user sa OR PTC DCI. Dapat ninyong ilagay ang inyong username tuwing magla-log in kayo sa OR PTC DCI. Puwede ninyong palitan ang inyong username kapag naka-log in kayo, pumunta lang sa Settings (Mga Setting) (tingnan ang [Palitan ang Username](#) para sa iba pang impormasyon).

Ibinigay sa inyo ng Ahensiya ang inyong username. Karaniwang nasa ganitong format ang inyong username: pangalan.apelyido

Halimbawa, kung John Smith ang inyong pangalan, John.Smith ang inyong username.

Kung kailangan ninyong kumpirmahin ang inyong username, makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan. Para sa mga user na may mga karaniwang pangalan, maaaring may numero sa dulo ang inyong username.



The screenshot shows the login interface for the OR PTC DCI Web Portal. At the top center is the OR PTC DCI logo. Below it, the text "Sign In" is centered. There are two input fields: "Username" and "Password". Below the "Username" field is a "Remember me" checkbox. To the right of the "Password" field is a link that says "Forgot your password?". At the bottom center is a blue "Sign In" button.

Ano ang aking password?

Kailangan ninyo ang inyong password upang i-access ang OR PTC DCI. Ibinigay sa inyo ng Ahensiya ang inyong pansamantalang password. Kung kailangan ninyong kumpirmahin ang inyong pansamantalang password, makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan. Kapag naka-log in na kayo gamit ang pansamantalang password, papapalitan ito sa inyo. Pagkatapos ninyong palitan ang inyong password, puwede ninyong gamitin ang opsiyong [Forgot Password \(Nakalimutan ang Password\)](#) kung nakalimutan ninyo ang inyong password.

Mga Panuntunan sa Password


- Dapat ay may hindi bababa sa 10 karakter.
- Dapat ay may 1 malaking titik, 1 maliit na titik, 1 numero, at 1 espesyal na karakter (ang mga hsalimbawa ng espesyal na karakter ay mga bantas o iba pang simbolo).
- Hindi puwedeng may higit sa 2 umuulit na karakter nang magkasunod.
- Hindi puwedeng may higit sa 2 umuulit na karakter mula sa inyong username.
- Kakailangin sa OR PTC DCI na palitan ninyo ang inyong password kada 60 araw para sa mga layuning panseguridad.
- Hindi ninyo puwedeng gamitin ang alinman sa inyong nakaraang 24 na password.

Paalala: Ganito ang hitsura ng halimbawang password: ILovePTC2021!

Pag-log In

Upang mag-log in sa OR PTC DCI Web Portal:

1. Sa web browser sa inyong desktop o laptop computer, pumunta sa orptc.dcisoftware.com.
2. Ilagay ang inyong username.
3. Ilagay ang inyong password.
4. Piliin ang Sign In (Mag-sign In).



Paalala: Puwede rin kayong mag-log in sa web portal sa pamamagitan ng web browser sa smart device.




Paalala: Nakalimutan ang inyong password? Tingnan ang [Reset Password \(I-reset ang Password\)](#) para sa iba pang impormasyon.

Unang Beses na Mag-log In

Kapag nag-log in kayo sa unang pagkakataon, papalitan sa inyo ang inyong password.

1. Mag-hover sa pabilog na icon na "i" sa kanan upang makita ang mga kinakailangan para sa password.
2. Ilagay ang inyong bagong password sa parehong field ng password.
3. Piliin ang Chnage Password (Palitan ang Password).


Pagkatapos ninyong palitan ang inyong password, magpapadala sa inyo ng email mula sa



Password Criteria-

1. Must be at least 10 characters.
2. Must contain 1 uppercase letters, lowercase letters, numbers and special characters
3. Must not contain more than two repeated characters in a row.
4. The password should be different from the previous 24 passwords.


orptcsupport@dcisoftware.com na nagsasabing pinalitan ninyo ang inyong password.



Tanong na Panseguridad

Upang mapanatiling ligtas ang inyong profile, kakailanganin ninyong pumili ng tanong na panseguridad.

1. Piliin ang drop-down na menu.
2. Pumili ng isang tanong na may sagot na matatandaan ninyo.



Paalala:
Kakailanganin ninyong tandaan ang sagot sa tanong na panseguridad na pinili ninyo upang i-reset ang inyong password sa hinaharap.

Kakailanganin lang ninyong pumili ng inyong tanong na panseguridad sa unang beses na mag-log in kayo.

Mga Kinakailangan para sa Tanong na Panseguridad

- Ang sagot sa tanong na panseguridad ay may 5 karakter dapat sa minimum.
- Hindi puwedeng gamitin ang username o password bilang sagot sa tanong na panseguridad.
- Kung mahahanap ang sagot sa listahan ng mga karaniwang ginagamit na password, makikita ninyo ang mensaheng ito:
 - Ang sagot na ibinigay ninyo ay makikita sa listahan ng mga karaniwang ginagamit na password at madaling hulaan. Pag-isipang gumamit ng ibang salita o parirala.
 - Kung gusto ninyong magpatuloy gamit ang salita o pariralang inilagay ninyo, piliin ang check box na Use this Answer Anyway (Gamitin Pa Rin ang Sagot na Ito).

- Kung gusto ninyong maglagay ng ibang salita o parirala, i-update lang ang field ng Sagot gamit ang inyong sagot.

Ang isang halimbawa ng sagot na hindi nakatutugon sa mga kinakailanagn ay Ohio dahil hindi 5 ang karakter nito.

News Posts (Mga Post ng Balita)

Pagkatapos ninyong mag-log in, makikita na ninyo ang Provider Attestation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo) at ang System Use Notification (Abiso sa Paggamit ng System). Ayon sa Provider Attestation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo), kayo, bilang tagapagbigay-serbisyo, ay maglalagay ng mga tumpak na oras ng tapos at simula at tatapos lang ng mga gawaing nasa inyong aprobadong listahan ng mga gawain. Sa pamamagitan ng paglalagay ng check sa OK sa Provider Attastation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo), kinikilala ninyo na ang pamemeke ng impormasyong ito ay maaaring ituring bilang panloloko sa Medicaid. Kapag nagka-clock out o gumagawa ng entry ng oras, kikilalanin ninyo ulit ang Provider Attestation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo) sa pamamagitan ng paglalagay ng check sa kahon o sa pamamagitan ng pagpindot sa 1 para sa oo kapag ginagamit ang landline.

Sa System Use Notification (Abiso sa Paggamit ng System) na lalabas kapag nag-log in kayo, isinasaad na sinusubaybayan at nirerekord ang OR PTC DCI. Ang layunin ng system ay subaybayan ang mga oras na tinrabaho ng mga aprobadong tagapagbigay-serbisyo at upang masigurong nasusunod ang mga alituntunin sa EVV ng estado at pamahalaang pederal. May kasamang personal at kumpidensiyal na impormasyon ang OR PTC DCI. Huwag kailanman ibahagi kahit kanino ang inyong impormasyon sa pag-log in. Sa pamamagitan ng paggamit sa system na ito, sumasang-ayon kayo sa mga tuntuning binanggit sa itaas.

Pakibasa nang mabuti ang Provider Attestation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo) at ang System Use Notification (Abiso sa Paggamit ng System). Maaari kayong makakita ng iba pang News Posts (Mga Post ng Balita na may mga tip, impormasyon tungkol sa mga update sa system, o iba pang impormasyong gusto ng Estado na ipaalam sa inyo.

Suriin at piliin ang OK upang kilalanin at tanggapin ang content sa bawat Post ng Balita.



News Posts

Subject - Provider Attestation

Message:

By clicking "OK", unless edited through the mobile web or web portal before the pay processing date, I affirm that the reported start and end times accurately represent the times I provided services/supports for the consumer-employer, I have only performed the tasks which are according to the consumer-employer's task list, and I am following the rules in accordance with the program I am enrolled in. I acknowledge that falsifying this information may be considered Medicaid fraud. I understand that when I clock out, I will check a box affirming my time is correct and falsifying information may be considered Medicaid fraud. If I am aware my time entry is incorrect, it may be considered Medicaid fraud if I do not correct the time entry before the pay processing date.

Created Date: Jul 10, 2023 01:49:24 PM
Created By: Krista Coleman

Ok



News Posts

System Use Notification

The user is accessing a restricted system. System usage may be monitored, recorded, and subject to audit. Unauthorized use of the system is prohibited and may be subject to criminal, civil, or administrative penalties. Use of the system constitutes consent to monitoring and recording. The intent of the site is to allow authorized participants of Oregon Project Independence, State Plan Personal Care within OHA's Health Systems Division and ODHS's Aging & People with Disabilities division, and the In-Home Consumer Employed Provider program to track delivery of authorized services.

You are only authorized to use this site, or any information accessed through this site, for its intended purpose. Unauthorized access or unauthorized sharing of personal and confidential information may be punishable by fines under state and federal law. Unauthorized access or unauthorized sharing may also be criminally punishable. The State of Oregon follows federal and state law and regulations to protect the information from misuse or unauthorized access.

Jan 26, 2021 04:25:24 PM DCI Implementation

Ok

Gustong Wika

Upang palitan ang inyong gustong wika:

1. Piliin ang button ng wika sa kanang sulok sa itaas.
2. Piliin ang inyong gustong wika.

Ipakikita na ang inyong screen sa bagong wika tuwing magla-log in kayo sa OR PTC DCI.

Kasama sa mga available na opsiyon sa wika ang English, Spanish, Russian, Simplified Chinese, Vietnamese, Arabic, at Somali.



Mga Opsiyon sa Pagkuha ng Oras

Nakasusunod sa EVV ang mga entry ng oras kung kayo, bilang tagapagbigay-serbisyo, ay gumagamit sa isa sa mga sumusunod na pamamaraan sa entry ng oras upang mag-clock in at out nang real-time:

- OR PTC DCI Mobile App
- OR PTC DCI Landline
- OR PTC DCI Fob




OR PTC DCI Mobile App

Ang OR PTC DCI Mobile App ay isang libreng application na:

- Nagbibigay-daan sa inyo, bilang tagapagbigay-serbisyo, na madaliang mag-clock in at out nang real-time.
- 16 megabytes lang, kaya hindi ito masyadong gumagamit ng espasyo sa inyong smart device.

Upang magamit ang OR PTC DCI Mobile App, ikaw ay dapat na:

- May smart device (Android o Apple).
- May smart device na nagpapagana ng Android 8.0 o Apple iOS 14 o mas bago pang operating system. Kung hindi, hindi magiging compatible ang device.
- May kakayahang kumonekta sa Wi-Fi network o gumamit ng mobile data.



Paalala: Ang impormasyon ng operating system ay makikita sa system settings ng inyong device.

Pag-download sa OR PTC DCI Mobile App


Upang i-download ang App, pumunta sa alinman sa Apple App Store o sa Google Play Store sa inyong smart device.

Apple Device



ibig sabihin: iPhone o iPad

Android Device




ibig sabihin:
smartphone o tablet

1. I-type ang “OR PTC DCI” sa search bar.
2. Piliin ang OR PTC DCI mula sa listahan ng available na apps.


Paalala: May higit sa isang DCI mobile app, siguruhing pipiliin mo ang may label na **OR PTC DCI**.

3. Piliin ang Install (I-install) at pagkatapos ay buksan ang app kapag tapos nang i-install.




Pag-log in sa OR PTC DCI Mobile App

1. Buksan ang OR PTC DCI Mobile App sa inyong smart device.
2. Ilagay ang inyong Username at Password o PIN.



3. I-tap ang icon ng mata upang ipakita o itago ang inilagay ninyo bilang inyong password.
4. Lagyan ng check ang Remember Me (Tandaan ako) kung gusto ninyong matandaan ng system ang inyong username, hindi nito matatandaan ang inyong password.
5. I-tap ang Login (Mag-log In).


Paalala: Piliin ang button ng wika sa kanang sulok sa itaas upang palitan ang wikang nasa inyong screen sa pag-log in!



Kapag nag-log in sa unang pagkakataon, kakailanganin mong bigyan ng access ang app sa lokasyon ng device.



Paalala: Dapat ninyong piliin ang Allow While Using App (Payagan Habang Ginagamit ang App) o hindi kayo bibigyang-daan ng app na mag-clock in.

Makukuha lang ang lokasyon sa pag-clock in at pag-clock out.



Mga News Post (Post ng Balita) sa Mobile App

- Pagkatapos ninyong mag-log in, una ninyong makikita ang System Use Notification (Abiso sa Paggamit ng System) at Provider Attestation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo). Minsan, makakikita rin kayo ng screen ng bagong post na may mahahalagang anunsiyo. Tingnan ang [News Posts \(Mga Bagong Post\)](#) para sa iba pang impormasyon.
- Suriin ang bawat mensahe at i-tap ang Ok upang magpatuloy.




Mobile App Dashboard

Ngayong na-download na ninyo ang mobile app at naka-log in na kayo, suriin naman natin ang inyong dashboard:

1. Makikita ninyo ang inyong mga mensahe sa pamamagitan ng pagpili sa sobre sa kanang sulok sa itaas.
2. Ipinakikita sa inyong Overtime Gauge ang bilang ng mga oras na tinrabaho ninyo sa ngayon sa linggo ng pasahod. Hindi isinasaad dito ang bilang ng oras na awtorisado kayong magtrabaho.
3. Ang inyong dashboard para sa Total Hours (Kabuuang Oras) ay nagpapakita sa oras na tinrabaho ninyo sa nakaraang linggo batay sa inyong katayuan (Approved (Aprobado), Pending (Nakabibin), at Unverified (Hindi Berpikado)).

Paalala: Kung hindi kayo nagtrabaho ng kahit anong oras sa kasalukuyang panahon ng pasahod, 0 oras ang ipakikita nito.


4. Mag-scroll down upang makakita ng mahahalagang mensahe mula sa Ahensiya na tinatawag na News Posts (Mga Post ng Balita).
5. Piliin ang News Posts (Mga Post ng Balita) upang makita ang buong mensahe.



Menu ng Mobile App

Ngayon ay suriin natin ang menu ng inyong mobile app:

1. Piliin ang icon na may 3 pahalang na linya upang makita ang mga opsiyon sa inyong menu.
2. Home – ibinabalik kayo sa dashboard.
3. Message (Mensahe) – dinadala kayo sa Module ng Pagpapadala ng Mensahe ng OR PTC DCI.
4. Entries (Mga Entry) – isang listahan ng lahat ng inyong entry ng oras.
5. Search (Maghanap) – maghanap sa app.
6. Language (Wika) – palitan ang inyong gustong wika.
7. Logout (Mag-log out) – nila-log out kayo sa app at inihahatid kayo sa screen para sa pag-log in.




Module sa Pagpapadala ng Mensahe ng Mobile App

Dapat lang ninyong gamitin ang Module sa Pagpapadala ng Mensahe ng OR PTC DCI upang makipag-usap sa mga indibidwal na kilala ninyo, gaya ng case manager ng konsyumer. Hindi ito dapat gamitin bilang paraan para sa agarang komunikasyon.

Upang makita ang isang mensahe: Mula sa menu, piliin ang Inbox. Makakikita kayo ng listahan ng mga mensahe. Piliin ang isang gusto mong basahin.

Upang magpadala ng mensahe:

1. Mula sa menu, piliin ang Message (Mensahe).
2. Piliin ang New Message (Bagong Mensahe).
3. Pumili sa kahong Para kay at simulang i-type ang pangalan ng taong gusto ninyong padalhan ng mensahe; piliin ang pangalan kapag lumabas na ito.
4. Maglagay ng Subject para sa mensahe.
5. Pumili ng Priority (Piyoridad).
6. Gawin ang inyong Mensahe.
7. Add an Attachment (Magdagdag ng Kalakip) kung nais.
8. Piliin ang Send (Ipadala).




Entries (Mga Entry) sa Mobile App

Sumunod, suriin natin ang inyong Mga Entry.

Mula sa menu:

1. Piliin ang Entries (Mga Entry).
2. Pumili ng entry upang tingnan ang mga detalye.



Sa tab na Entries (Mga Entry), makakakita kayo ng mga entry na may iba't ibang katayuan:

- **Unverified (Hindi Beripikado):** Mga entry na inilalagay ng kawani ng isang Lokal na Tanggapan sa ngalan ng tagapagbigay-serbisyo. Mahalagang lutasin ang mga hindi beripikadong entry, o hindi mababayaran ang mga ito. Tingnan ang [Mga Hindi Beripikadong Entry](#).
- **Pending (Nakabinbin):** Ang lahat ng entry ay lalagyan ng katayuang Nakabinbin matapos unang ilagay ang mga ito. Puwedeng i-edit ng isang tagapagbigay-serbisyo ang isang entry na may katayuang nakabinbin.
- **Rejected (Tinanggihan):** Mga entry na tinanggihan ng konsyumer, ng inyong Lokal na Tanggapan, o ng proseso ng system. Hindi mae-edit ng tagapagbigay-serbisyo ang mga entry na ito. Mabuting kasanayan na suriin ang mga entry na may katayuang tinanggihan. Hindi kayo babayaran para sa mga entry na may katayuang tinanggihan.
- **Approved (Aprobado):** Mga entry na inaprobahan ng Ahensiya at handa nang iproseso. Hindi mae-edit ng tagapagbigay-serbisyo ang mga entry na ito. Makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan upang i-edit ang mga ito, kung kailangan.
- **Processed (Naproseso):** Mga entry na naproseso at handa nang isama sa pasahod o nabayaran na. Hindi mae-edit ng tagapagbigay-serbisyo ang mga entry na ito. Makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan upang i-edit ang mga ito kung kailangan.
- **Canceled (Kinansela):** Mga entry na mano-manong kinansela ng kawani matapos dating aprobahan o entry na inabot ng hatinggabi. Kapag naaprobahan, kinakansela ng system ang mga entry na inabot ng hatinggabi at gumagawa ng dalawang bagong entry (isa para sa oras ng simula na 11:59 pm, at isa para sa 12:00 am sa oras ng tapos).
- **Open (Bukas):** Isang aktibong entry (may clock in pero walang clock out).

Mula sa inyong tab na Entries (Mga Entry), puwede ninyong:

- Beripikahin ang mga entry na nasa katayuang Unverified (Hindi Beripikado).
- Tanggihan ang mga entry na nasa katayuang Pending (Nakabinbin) na nagawa nang may pagkakamali.

Upang mag-edit ng mga entry na may katayuang Pending (Nakabinbin) na may mga error, dapat ninyong gamitin ang OR PTC DCI Web Portal o OR PTC DCI Mobile Web Full Site.

Para sa mga entry na may katayuang Approved (Aprobado) o Processed (Naproseso) na kailangang i-edit, makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan upang humingi ng tulong.

Para sa mga entry na may katayuang Rejected (Tinanggihan), dapat kayong gumawa ng bagong historical na entry upang maiwasto ang error na nagreresulta sa pagtangga.


Para sa mga entry na may katayuang Open (Bukas), dapat kayong mag-clock out at pagkatapos ay i-edit ang entry o makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan upang humingi ng tulong.

Mobile App: Beripikahin ang isang entry

Makatatanggap kayo ng abiso sa inyong email at sa inyong inbox para sa Module sa Pagpapadala ng Mensahe ng OR PTC DCI kung may entry kayo na kailangang beripikahin.

Upang magberipika ng entry, piliin ang entry, pagkatapos ay:




1. Piliin ang ACTION (AKSIYON).
2. Piliin ang Verify (Beripikahin).
3. Piliin ang Confirm (Kumpirmahin).



Mobile App: Tanggihan ang isang Entry
Kung hindi tumpak ang oras na inilagay sa inyong ngalan, tatanggihan ninyo ang entry.

Upang tanggihan ang isang entry, piliin ang entry, pagkatapos ay:

1. Piliin ang ACTION (AKSIYON).
2. Piliin ang Reject (Tanggihan).
3. Piliin ang Confirm (Kumpirmahin).
4. Piliin ang Confirm (Kumpirmahin).



Gustong Wika sa Mobile App


Upang palitan ang inyong gustong wika:

1. Piliin ang icon na may tatlong pahalang na linya upang tingnan ang inyong menu.
2. Pumili ng Language (Wika).
3. Piliin ang inyong gustong wika.
4. Piliin ang OK.

Ipakikita na ngayon ang inyong screen sa bagong wika tuwing magla-log in kayo sa OR PTC DCI.

Kasama sa mga available na opsiyon sa wika ang:


English, Spanish, Russian, Simplified Chinese, Vietnamese, Arabic, at Somali.



Logout (Pag-log Out) sa Mobile App

Upang mag-log out:



1. Piliin ang icon na may 3 pahalang na linya upang makita ang mga opsiyon sa inyong menu.
2. Piliin ang Logout (Mag-log Out).
3. Ibabalik kayo sa screen na Login (Mag-log In).



Mga Real-Time na Entry sa OR PTC DCI


Ngayong alam na natin kung paano i-download at i-navigate ang OR PTC DCI Mobile App, tingnan natin kung paano gumawa ng mga real-time na entry. Sundin ang mga hakbang na ito kapag naka-log in na kayo sa OR PTC DCI Mobile App upang Mag-clock In:

1. Piliin ang Clock In (Mag-clock In).
2. Piliin ang arrow sa Client (Kliyente) upang ipakita ang mga opsiyon.
3. Piliin ang pangalan ng konsyumer mula sa drop-down na menu.



Paalala: Kung marami kayong konsyumer, maaaring kailangan ninyong i-scroll ang listahang ito.

4. Piliin ang arrow sa Service Code (Code para sa Serbisyo) upang ipakita ang mga opsiyon.
5. Piliin ang wastong Service Code (Code para sa Serbisyo) at piliin ang Ok (kung hindi pa ito napili).
6. Piliin ang Continue (Magpatuloy).
7. Piliin ang Confirm Clock In (Kumpirmahin ang Pag-clock In).



Kapag natapos na ninyo ang inyong shift, mag-log in lang ulit sa OR PTC DCI Mobile App at sundin ang mga hakbang upang mag-clock out.

1. Piliin ang Continue to Clock Out (Magpatuloy sa Pag-clock Out).
2. Piliin ang Confirm (Kumpirmahin).


Pagkatapos kumpirmahin, dadalhin na kayo sa Clock Out Verification (Pagberipika sa Pag-clock Out). Hindi pa tapos ang Pag-clock Out hangga't hindi pa ninyo natatapos ang Clock Out Verification (Pagberipika sa Pag-clock Out) at naisasapinal ang pagpapatunay.

Clock Out Verification (Pagberipika sa Pag-clock Out) sa Mobile App

Sa pag-clock out, magkakaroon kayo ng tatlong opsiyon sa pag-sign off ng konsyumer na mapagpipilian. Tinatawag din ang mga ito bilang mga opsiyon sa pagberipika sa OR PTC DCI Mobile App.

1. PIN/Password
2. Lagda
3. Pag-sign Off sa Portal

Suriin natin ang mga ito nang paisa-isa.




Paalala: Hindi kinakailanagng mag-sign off ng inyong konsyumer sa inyong shift, siya ang bahalang magpasya kung nais niya itong gawin. Kung magpapasya ang konsyumer na hindi mag-sign off sa entry ng oras, piliin lang ang opsiyon 3.

Clock Out (Pag-Clock Out) sa Mobile App: PIN/Password

1. Piliin ang Client PIN or Password (PIN o Password ng Kliyente) at ipasa ang device sa konsyumer.
2. Ilalagay ng konsyumer ang kaniyang PIN o Password.
3. Piliin ang Submit (Isumite).
4. Piliin ang Confirm (Kumpirmahin).


Paalala: Kung mali ang nailagay na PIN o Password nang tatlong beses, makatatanggap kayo ng mensaheng nagsasabing nalampasan na ninyo ang pinapayagang maximum na bilang ng pagtatangka. Ididirekta kayo nito pabalik at kakaikanganin ninyong gumamit ng ibang paraan sa pagberipika.



Clock Out (Pag-clock Out) sa Mobile App: E-Signature

1. Piliin ang E-Signature (Elektronikong Lagda) at ipasa ang device sa konsyumer.
2. Lalagdaan ng konsyumer ang screen gamit ang kaniyang pangalan.
3. Piliin ang Save (I-save).
4. Piliin ang Confirm (Kumpirmahin).

Paalala: Kung hindi gusto ng konsyumer ang kaniyang lagda, puwede nilang piliin ang Clear (I-clear) at subukan ulit.





Clock Out (Pag-clock Out) sa Mobile App: Pag-sign Off sa Portal

Kung hindi mai-sign off ng konsyumer ang entry o ayaw niyang i-sign off ang entry o kung may consumer employer representative (CER) ang konsyumer, piliin ang Portal Signoff (Pag-sign Off sa Portal). Kapag ginawa ang pagpiling ito, hindi maapektuhan ang pagiging nasa oras ng inyong paycheck.

Paalala: Hindi kinakailangan ng konsyumer/CER na magsagawa ng anumang follow-up na aksiyon sa pagpiling ito, pero dapat pa rin kayong pumili ng opsiyon sa pagberipika.

1. Piliin ang Portal Signoff (Pag-sign Off sa Portal)
2. Piliin ang Confirm (Kumpirmahin).




Clock Out (Pag-clock Out) sa Mobile App

Kapag tapos na ang isa sa tatlong paraan sa pagberipika, tatapusin ninyo ang proseso sa pag-clock out.

1. Puwede kayong magdagdag ng Mga Tala at Kalakip. Tampok sa mga tala ang mga gawain gamit ang keyboard ng inyong smart device (ibig sabihin, puwede ninyong i-type ang mensahe o gamitin ang talk-to-text kung mayroon kayo ng ganitong opsiyon sa inyong smart device). Opsiyonal ang Mga Tala at Kalakip, at hindi dapat gamitin ang mga ito para sa mga pang-emergency na mensahe.
2. Piliin ang check box sa tabi ng pagpapatunay na nagbeberipikang wasto ang inyong oras.

Paalala: Upang makapag-clock out, dapat ninyong i-check ang kahon para sa pagpapatunay.

3. Piliin ang Confirm Clock Out (Kumpirmahin ang Pag-Clock Out) upang matapos ang proseso ng pag-clock out. DAPAT ninyong tapusin ang hakbang na ito upang mag-clock out.
4. Lalabas ang impormasyon ng pag-punch matapos mag-clock out. Kung hindi ninyo ito makita, hindi kayo nakapag-clock out.
5. Piliin ang Home upang bumalik sa Dashboard.



Clock Out

1 Clock Out Time: 01:20 PM (PT)

Add Notes

2 Add Attachment

Time is correct. Falsifying may be Medicaid fraud

3 Confirm Clock Out

Client Name: Scooby Doo
Service Code: Hourly ADL/IADL-1
Clock In Time: 01:17 PM (PT) verified by Client PIN or Password

Punch Information

4 Online

Client Name: Scooby Doo
Service Code: Hourly ADL/IADL-1
Clock In Time: 01:17 PM (PT)
Clock Out Time: 01:20 PM (PT) verified by Client PIN or Password

5 Home

Q&A ng OR PTC DCI Mobile App

Ano ang dapat kong gawin kung hindi ko makita ang button na Clock In (Mag-clock In) sa aking dashboard?

Kung makikita ninyo ang button na Continue to Clock Out (Magpatuloy sa Pag-Clock Out) kapag ang inaasahan ninyong sabihin nito ay, "Clock In (Mag-clock In)," ang ibig sabihin ay naka-clock in pa rin kayo para sa nakaraang shift. Kung wala kayong button na Mag-clock In o Clock Out (Mag-clock Out), ibig sabihin, wala kayong aktibong account para sa serbisyo. (Para sa kahulugan ng account para sa serbisyo, tingnan ang [Mga Karaniwang Tuntunin](#).) Tawagan ang inyong Lokal na Tanggapan upang humingi ng tulong o magpadala ng email sa PTC.Support@odhsoha.oregon.gov.



Paano kung hindi ko nakikita ang wastong Consumer Name (Pangalan ng Konsyumer) o Service Code (Code para sa Serbisyo) habang nagka-clock in?

Pakisigurong napili ninyo ang arrow sa tabi ng Client/Service Code (Code para sa Kliyente/Serbisyo) upang makita ang buong listahan. Kung hindi lumalabas ang mga ito sa listahang ito, ibig sabihin, wala kayong aktibong account para sa serbisyo para sa konsyumer at/o Code para sa Serbisyo. Tawagan ang inyong Lokal na Tanggapan upang humingi ng tulong o magpadala ng email sa PTC.Support@odhsoha.oregon.gov.


Kapag nagka-clock out, nakakikita ako ng Alert (Alertong) nagsasabi ng panuntunan sa negosyo na Authorization Remaining Balance (Natitirang Balanse para sa Awtorisasyon), ano ang ibig nitong sabihin?

Ibig sabihin, lampas na ang inyong entry sa inyong awtorisadong oras para sa kasalukuyang pay period.

Dapat ninyong piliin ang Cancel (Kanselahin). Tatanggihan nito ang entry, na magbibigay ng ikalawang alertong nagpapahayag ng "The entry id xxxx has been rejected (Tinanggihan ang entry id na xxxx)." Sa puntong ito, ang tanging opsiyon lang ay piliin ang Confirm (Kumpirmahin). Ididirekta kayo nito sa dashboard. Hindi kayo babayaran para sa tinanggihang entry na ito.

Upang mabayaran para sa oras na ito, kakailanganin ninyong maglagay ng historical na entry upang iulat ang inyong oras para sa shift na iyon. Siguruhing nasa loob ng inyong mga awtorisadong oras ang historical na entry na ito. Tingnan ang [Magdagdag ng mga Historical na Entry gamit ang Web Portal](#) para sa iba pang impormasyon.

Makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan kung kailangan ninyo ng tulong.



Para sa iba pang mga posibleng pagpalya ng panuntunan sa negosyo at paliwanag tungkol sa ibig sabihin ng mga ito, tingnan ang [Sheet para sa mga Karaniwang Error sa Entry at Paglabag sa Panuntunan sa Negosyo](#).

Kapag nagka-clock out, nakakikita ako ng Alert (Alertong) nagsasabing "The total punch amount can not be greater taht 16. You entered xxx (Ang kabuoang dami ng pag-punch ay hindi puwedeng mas marami sa 16. Naglagay kayo ng xxx)."

Ano ang ibig sabihin nito?

Pinipigilan kayo ng OR PTC DCI na gumawa ng mga entry para sa 16 na oras o higit pa. Kung tatangkain ninyo na gumawa ng entry na mas mahaba sa 16 na oras, makikita ninyo ang error na ito sa pag-clock out. Kapag nakita ninyo ang error na ito, dapat ninyong piliin ang Cancel (Kanselahin). Pagkatapos piliin ang Cancel (Kanselahin), lalabas ang ikalawang alertong nagsasabing, "The entry id xxx has been rejected (Tinanggihang ang entry id na xxxx)."

Tinanggihang ang entry na ito. Sa puntong ito, ang tanging opsiyon lang ay piliin ang Confirm (Kumpirmahin). Ididirekta kayo nito sa dashboard. Hindi kayo babayaran para sa tinanggihang entry na ito.



Upang mabayaran para sa oras na ito, kakailangan ninyo na maglagay ng historical na entry upang iulat ang inyong oras, nang sinisigurong mas maikli sa 16 na oras ang entry. Tingnan ang [Magdagdag ng mga Historical na Entry gamit ang Web Portal](#) para sa iba pang impormasyon.

Kapag nagka-clock out, nakakikita ako ng Alert (Alertong) nagsasabi ng panuntunan sa negosyo na Employee Service Account End Date Punch Entry (Entry ng Pag-punch na Petsa ng Tapos sa Account para sa Serbisyo ng Empleyado), ano ang ibig nitong sabihin?

Ibig sabihin, may petsa sa OR PTC DCI na nagsasaad na hindi na kayo nakikipagtrabaho sa konsyumer na ito. Hindi kayo makapaglilagay ng petsa pagkatapos ng petsang inilagay ninyo bilang inyong huling araw ng pakikipagtrabaho sa konsyumer.

Dapat ninyong piliin ang Cancel (Kanselahin). Tatanggihang nito ang entry, na magbibigay ng ikalawang alertong nagpapahayag ng "The entry id xxx has been rejected (Tinanggihang ang entry id na xxxx)." Sa puntong ito, ang tanging opsiyon lang ay piliin ang Confirm (Kumpirmahin). Ididirekta kayo nito sa dashboard. Hindi kayo babayaran para sa tinanggihang entry na ito.

Kung nagtatrabaho kayo para sa konsyumer na ito, makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan upang abisuhan sila na nagtatrabaho kayo para sa konsyumer na ito. Tukuyin na may petsa ng tapos sa OR PTC DCI. Pagkatapos, makikipag-ugnayan



ang Lokal na Tanggapan sa PTC Support Team upang alisin ang petsa. Kapag kumpleto na ito, makakapaglagay ka na ng oras para sa konsyumer na ito.


Kapag kaugnayan na ninyo ulit ang inyong konsyumer, upang mabayaran para sa oras na ito, kakailanganin ninyong maglagay ng historical na entry upang iulat ang inyong oras para sa buong shift na iyon. Tingnan ang [Magdagdag ng mga Historical na Entry gamit ang Web Portal](#) para sa iba pang impormasyon.

Kapag nagka-clock in, nakatatanggap ako ng mensaheng nagsasabing “There is no active authorization for this account (Walang aktibong awtorisasyon para sa account na ito).” Ano ang dapat kong gawin?

Ibig sabihin, walang awtorisasyon (na nakalaan para sa inyong mga awtorisadong oras o milya) para sa konsyumer na ito at sa Code para sa Serbisyo sa OR PTC DCI. Makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan upang humingi ng tulong.

Paano ko mapapalitan ang aking gustong wika gamit ang mobile app?

Para sa mga user ng mobile app, kapag naka-log in na sa OR PTC DCI Mobile App, piliin ang Menu at pagkatapos ay Language (Wika) upang itakda ang inyong gustong wika.



Paano kung nakalimutan kong mag-clock out, pagkatapos ay nag-clock out ako sa ibang pagkakataon nang alam kong di-wasto ang pag-punch at kailangan muna itong maiwasto. Kailangan ko pa ring i-check ang pagpapatunay na nagsasabing wasto ang aking oras kahit alam kong hindi. Ano ang dapat kong gawin?

Kapag nagka-clock out, kakailanganin muna ninyong i-check ang pagpapatunay. Mag-iwan ng talang nagpapahayag sa nangyari at darating kayo kaagad at iwawasto ninyo ang entry. Pagkatapos mag-clock out, mag-log in sa OR PTC DCI Web Portal at i-edit ang entry upang makuha ang wastong oras ng pag-clock out (tingnan ang [Upang Mag-edit ng Entry](#)).

OR PTC DCI Mobile App Offline

Sa Mobile App Offline, puwede kayong gumawa ng hanggang 10 entry sa OR PTC DCI Mobile App para sa hanggang 5 araw na magkakasunod nang hindi kailangang kumonekta sa cellular o Wi-Fi network.

Pagsisimula sa Mobile App Offline


Upang makapagsimula sa Mobile App Offline, kakailanganin ninyo ng cellular data o Wi-Fi. Sa unang pagkakataon na mag-log in kayo sa OR PTC DCI Mobile App mula sa isang mobile device (gaya ng tablet o smart phone) habang nakakonekta sa internet, awtomatikong irerehistro sa inyong device ang OR PTC DCI. Dapat ninyong gamitin ang device na ito upang gumana ang Mobile App Offline.

Puwede ba akong magrehistro ng higit sa isang device para sa Mobile App Offline?

Gagana lang ang Mobile App Offline mula sa inyong isang nakarehistrong device. Puwede lang kayong magkaroon ng isang nakarehistrong device, at puwede lang irehistro ang device sa isang user. Kung kailangan ninyong palitan kung alin sa mga device ninyo ang nakarehistro, makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan.

Nakarehistro ang aking device. Ano na ang susunod?


Habang naka-log in kayo sa OR PTC DCI Mobile App, iche-check ng mobile app kung may koneksiyon sa internet. Kung walang koneksiyon sa internet, awtomatikong lilipat ang mobile app sa Mobile App Offline. Ipakikita ang “Offline (Naka-offline)” na banner sa itaas ng screen ng mobile app kapag offline ito. Ipakikita sa inyong dashboard ang button na Clock In (Mag-clock In). Hindi available ang lahat ng iba pang feature at impormasyon sa dashboard.



Ano ang Puwede Ninyong Gawin sa Mobile App Offline?


Kayo, bilang ang tagapagbigay-serbisyo, ay puwedeng mag-clock in at mag-clock out sa Mobile App Offline. Kasama na rito ang:

- Pag-log in sa OR PTC DCI Mobile App
- Pagpili sa Clock In (Mag-clock In)
- Pagpili sa Clock Out (Mag-clock Out)
- Pagtapos sa pagberipika sa pag-clock out
- Pagdaragdag ng mga tala sa pag-clock out
- Pag-log out sa OR PTC DCI Mobile App



Para sa mga dahilang panseguridad, paiikliin o gagawing blangko ang ilang impormasyon. Makikita lang ninyo ang inisyal at apelyido ng konsyumer. Hindi ninyo makikita ang Authorization Remaining Balance (Natitirang Balanse para sa Awtorisasyon) (ang bilang ng awtorisadong oras na natira sa panahon ng serbisyo).

Walang magbabago kung paano kayo mag-clock in at mag-clock out sa Mobile App Offline. Sundin ang inyong mga karaniwang hakbang upang ilagay ang oras.





Gaano Katagal Kayo Puwedeng Maging Offline?

Puwede lang maging offline ang isang device sa loob ng 5 araw na magkakasunod. Puwede lang kayong gumawa ng 10 offline na pag-punch bago mag-online ulit. Kung offline kayo nang mahigit 5 araw o sinubukan ninyong gumawa ng higit sa 10 pag-punch, makatatanggap kayo ng mensaheng nagsasabing: "Your maximum limit has been exceeded to add offline punches (Nalampasan na ang inyong maximum na limitasyon sa pagdaragdag ng mga offline na pag-punch)." Piliin ang Kumpirmahin sa alertong ito.

Hindi kayo makapagka-clock in ulit hangga't hindi kayo nagla-log in sa OR PTC DCI Mobile App habang nakakonekta ang inyong device sa internet

Ano ang mangyayari kapag nag-log in ako sa mobile app kapag nag-online na ulit ako?

Ise-save ang inyong mga entry sa mobile app habang offline. Kapag online na ulit ang inyong device, makatatanggap kayo ng alerto na: “You are back online. Please select on confirm to synchronize your data (Online na ulit kayo. Pakipili ang kumpirmahin upang i-synchronize ang inyong mga datos).”




Upang i-sync ang inyong mga entry kapag online na kayo ulit:

1. Piliin ang confirm (kumpirmahin) sa alerto upang i-load ang inyong mga entry sa OR PTC DCI.
2. Habang naglo-load ang inyong mga entry, makakikita kayo ng mensaheng: “Your offline data is syncing. Please do not disconnect the internet or kill the application otherwise your data will be lost (Nagsi-sync ang inyong mga offline na datos. Huwag idiskonekta ang internet o tapusin ang aplikasyon, o kung hindi, mawawala ang inyong mga datos).”
3. Maaaring abutin nang ilang sandali bago mag-load ang inyong mga entry. Kapag tapos na ito, lalabas ang inyong ga entry sa tab na Entries (Mga Entry) sa inyong menu.

Paalala: Dapat i-load ang inyong mga entry sa OR PTC DCI upang mabayaran. Dapat ninyong i-load ang inyong mga entry bago ang katapusan ng palugit na itinakda sa Collective Bargaining Agreement upang mabayaran sa kasalukuyang pay period.

Nakakukuha ako ng error sa koneksiyon ng internet; ano ang dapat kong gawin?

Kapag sinusubukang i-access ang OR PTC DCI Mobile App, maaari kayong makatanggap ng error na: “Please check your Internet Connection (Paki-check ang inyong Koneksiyon sa Internet).” Piliin ang Confirm (Kumpirmahin) sa alert (alerto). Kung mangyayari ito, may problema sa pagrerehistro ng inyong device. Tumawag sa inyong Lokal na Tanggapan upang humingi ng tulong. Sa ngayon, nakakonekta kayo dapat sa internet upang mag-log in sa OR PTC DCI Mobile App



Paalala: Puwede lang irehistro ang isang device sa isang user at puwede lang magkaroon ng isang rehistradong device ang isang user.

- Kung nag-log in kayo sa OR PTC DCI Mobile App sa ibang device, malamang ay nakarehistro ang ibang device sa inyo at dapat itong i-unregister bago makagagamit ng bagong device para sa offline mode. Makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan upang humingi ng tulong sa pag-unregister ng device.
- Kung may ibang taong naka-log in sa OR PTC DCI sa inyong device, maaaring irehistro ang device sa user na iyon para sa Mobile App Offline.

Pag-troubleshoot sa Offline Mode

Kung umiikot ang OR PTC DCI Mobile App kapag tinatangkang mag-clock in o out sa Offline Mode o ayaw tumuloy sa Offline Mode ng app, subukan ang sumusunod:

1. Hilingin sa lokal na tanggapan na i-deregister ang inyong device upang lutasin ang anumang isyu sa pagrerehistro ng device.
 - a. Kung ginamit na dati ang inyong device sa pag-log in sa profile ng ibang tagapagbigay-serbisyo, dapat itong i-deregister mula sa profile na iyon. Dapat ninyong abisuhan ang kawani tungkol sa sinupamang ibang tagapagbigay-serbisyonang naka-log in sa inyong device.
 - b. Ide-deregister ng isang kawani ang inyong device mula sa sinumang tagapagbigay-serbisyo na naka-log in sa app mula sa device, kabilang na kayo.
 - c. Kapag na-deregister na ang device mula sa lahat ng profile, puwede kayong mag-log in sa OR PTC DCI upang irehistro ang device.

Paalala: Kung makakukuha man kayo ng bagong device, kakailanganin ng inyong lumang device na i-deregister mula sa inyong profile upang mairehistro ang bagong device sa susunod niyang pag-log in. Ibig sabihin, dapat ninyong abisuhan ang inyong lokal na tanggapan kung papalitan ninyo ang device na inyong ginagamit.

2. I-disable ang Wi-Fi/cellular data.
 - a. Kung nakakonekta ang inyong device sa mahinang Wi-Fi o cellular data signal, hindi magsisimula ang Offline Mode. I-off ang Wi-Fi at cellular data ng device kapag pumunta sa Settings sa device bago mag-log in sa mobile app. Gawin lang ito kung at kapag balak ninyong gamitin ang Offline Mode. Kakailanganin ninyong kumonekta ulit sa Wi-Fi o cellular data sa loob ng 5 araw o 10 offline na entry sa pag-punch upang i-sync ang mga datos.
3. Tiyaking hindi ninyo tinatangkang pumili ng mga item na hindi available sa Offline Mode.
 - a. Kung kumukonekta ang inyong device sa Offline Mode pero bigla itong nag-freeze o umikot, maaaring tinatangka ninyong tumingin ng item na hindi puwedeng i-view sa Offline Mode. Habang nasa Offline Mode, ang tanging mga function na available ay ang pag-clock in, pag-clock out, at pag-log out. Maaaring mag-freeze ang mobile app kapag pumili ng ibang function, gaya ng Messages (Mga Mensahe) o Entries (Mga Entry). Huwag tangkaing gumamit ng anumang function maliban sa pag-clock in/out o pag-log out habang nasa Offline Mode.

OR PTC DCI Landline

Ang opsiyong OR PTC DCI Landline ay perpekto para sa konsyumer na may landline sa kaniyang bahay at sa tagapagbigay-serbisiyong walang access sa smart device.

Mabuting opsiyon din ito para sa isang taong naninirahan sa isang lugar kung saan hindi maaasahan ang cell phone reception/internet at mas gustong hindi gamitin ang OR PTC DCI Mobile App, kabilang na ang Mobile App Offline. Puwedeng gamitin ang landline para sa mga real-time at historical na entry sa oras.

Upang magamit ang opsiyong OR PTC DCI Landline:

- May landline na telepono dapat ang konsyumer sa address na sineserbisyuhan ninyo, at nakalista dapat ang landline na teleponong ito bilang pangunahing telepono sa profile para sa OR PTC DCI ng konsyumer.

Mga Real-Time na Entry sa OR PTC DCI Landline

Ang paggamit ng opsiyong OR PTC DCI nang real-time ay isang paraan sa pag-clock in at out sa simula at tapos ng inyong shift na nakasusunod sa EVV.



- Upang magamit ang opsiyong OR PTC DCI Landline, dapat ay idagdag ng konsyumer ang kaniyang landline na telepono sa kaniyang profile na nasa system; puwede siyang makipag-ugnayan sa kaniyang Lokal na Tanggapan para sa iba pang impormasyon.
- Sa Real-Time OR PTC DCI Landline EVV, kinakailangan ninyo na tumawag bago ang shift at tumawag ulit pagkatapos ng shift. Ang mga numerong available para sa iba't ibang wika ay:
 - English/Spanish: 1-844-856-9560
 - English/Vietnamese: 1-833-640-1295
 - English/Russian: 1-844-334-7318
 - English/Mandarin: 1-844-331-0241
 - English/Arabic: 1-844-311-4160

Paalala: Para sa wikang English, puwede ninyong tawagan ang alinman sa mga numerong ito.

Bago tumawag upang gumawa ng real-time na entry:

- Siguruhing tumatawag kayo mula sa nakarehistrong landline na telepono ng konsyumer.
- Ihanda ang inyong PIN. (Tip: Bilang default, ang inyong PIN ay ang huling 4 na digit ng inyong pangunahing numero ng telepono. Kung walang naka-file na pangunahing numero ng telepono, ang inyong PIN ay 0000.)

Paalala: Ang pag-clock in ay inaabot nang humigit-kumulang 4-6 na minuto at ang pag-clock out ay inaabot nang humigit-kumulang 3-4 na minuto. Siguruhing mayroon kayong sapat na panahon upang mag-clock in at mag-clock out.

Paalala: Kung may restriksiyon o naka-block ang telepono, hindi ninyo magagamit ang opsiyong landline.

Landline – Pag-clock In

Upang mag-clock in sa simula ng inyong shift:

1. **I-dial** ang Numero ng Telepono sa OR PTC DCI para sa inyong wika.
2. Sundin ang mga prompt upang **piliin ang inyong wika**.
3. Kapag na-prompt, **ilagay** ang huling apat na digit ng inyong social security number.
4. Pagkatapos ng mensahe ng pagpapatunay (na ipinakikita sa note callout bubble sa pahinang ito), ipa-prompt kayong **ilagay** ang inyong PIN na may apat na digit (Hint: Bilang default, ang inyong PIN ay ang huling apat na digit ng inyong pangunahing numero ng telepono).
5. **Piliin ang 1** para sa Kada Oras.
6. Babasahin ng system ang mga pangalan ng mga konsyumer na nauugnay sa numero ng landline na telepono kung saan kayo tumatawag. **Piliin** ang wastong Konsyumer.
7. **Piliin ang 1** para sa real time.
8. **Piliin ang 1** upang kumpirmahin ang code para sa serbisyo. (Halimbawa: Kada Oras na ADL/IADL-1)
9. Babasahin ng system kung ilang oras ang natitira sa kasalukuyang awtorisasyon. Kung nais ninyong magpatuloy, **piliin ang 1**. Kung hindi, **piliin ang 2** upang tapusin ang tawag.
10. **Piliin ang 1** upang i-save ang entry.



Paalala: Ayon sa mensahe ng pagpapatunay, “Kapag inilagay ko ang aking PIN, maliban kung in-edit ang entry sa mobile web o web portal bago ang petsa ng pagproseso ng suweldo, pinatutunayan ko na ang mga naiulat na oras ng simula at tapos ay tumpak na kumakatawan sa mga oras na nagbigay ako ng mga serbisyo/suporta para sa konsyumer-employer, naisagawa ko lang ang mga gawaing naaayon sa listahan ng mga gawain ng konsyumer-employer, at sinusunod ko ang mga panuntunan alinsunod sa programa kung saan ako naka-enroll. Kinikilala ko na ang pamemeke ng impormasyong ito ay maaaring ituring bilang panloloko sa Medicaid. Nauunawaan ko na kapag nag-clock out ako, lalagyan ko ng check ang isang kahon na nagpapatunay na wasto ang aking oras at maaaring ituring na panloloko sa Medicaid ang pamemeke ng impormasyon kung hindi ko iwawasto ang entry ng oras bago ang petsa ng pagproseso ng bayad.”

Landline – Pag-clock Out

Upang mag-clock out sa tapos ng inyong shift:

1. **I-dial** ang Numero ng Telepono sa OR PTC DCI para sa inyong wika.
2. Sundin ang mga prompt upang **piliin ang inyong wika**.
3. Kapag na-prompt, **ilagay** ang huling apat na digit ng inyong social security number.
4. Pagkatapos ng mensahe ng pagpapatunay, ipa-prompt kayo na **ilagay** ang inyong PIN na may apat na digit (Hint: Bilang default, ang inyong PIN ay ang huling apat na digit ng inyong pangunahing numero ng telepono).
5. Ipahahayag sa system na may bukas na pag-punch sa konsyumer na ito, gusto ba ninyo itong isara. **Piliin ang 1** upang isara ang entry.
6. Maririnig na ninyo ngayon ang: “Naka-link sa code para sa serbisyo na ito ang mga canned na pahayag. Pumili ng hindi bababa sa isang canned na pahayag. Para sa ‘Wasto ang oras. Ang pamemeke ay maaaring ituring na panloloko sa Medicaid,’ piliin ang 1 para sa oo at 2 para sa hindi.” Dapat ninyong **pindutin ang Oo (1)** para sa pagpapautnay na ito.
7. Maririnig ninyo ang: “Upang magbukas ng bagong pag-punch, **piliin** ang 1, o **piliin** ang 2 upang mag-disconnect.” **Piliin ang 2** upang tapusin ang tawag.

Mga Historical na Entry sa OR PTC DCI Landline


Sa mga historical na entry sa Landline, puwede kayong mag-log ng oras kapag tapos na ang inyong shift (halimbawa: nakalimutan ninyo na mag-clock in o out sa shift noong nakaraang Lunes).

- Upang gumawa ng historical na entry ng oras gamit ang OR PTC DCI Landline, dapat ay naroon ang konsyumer, o ang kanilang kinatawan, sa oras na ginawa ninyo ang tawag.
- Dapat ninyong gamitin ang landline na telepono ng konsyumer upang gawin ang tawag.
- Hindi tulad ng Real-time Phone EVV, tatawag lang kayo nang isa sa halip na dalawang beses.
- Hindi nakasusunod sa EVV ang mga historical na entry sa Landline na Telepono.
- Sa Historical na OR PTC DCI Landline EVV, kinakailangan ninyo na tumawag sa numerong ginagamit din ninyo para sa real-time.
 - English/Spanish: 1-844-856-9560
 - English/Vietnamese: 1-833-640-1295
 - English/Russian: 1-844-334-7318
 - English/Mandarin: 1-844-331-0241
 - English/Arabic: 1-844-311-4160

Paalala: Para sa wikang English, puwede ninyong tawagan ang alinman sa mga numerong ito.

Upang magrekord ng historical na entry:

1. **I-dial** ang numero ng telepono sa OR PTC DCI para sa inyong wika.
2. **Ilagay** ang huling 4 na digit ng inyong SSN.
3. Pagkatapos ng mensahe ng pagpapatunay, ipa-prompt kayo na **ilagay** ang inyong PIN na may apat na digit.
4. **Piliin ang 1** para sa Kada Oras.
5. **Piliin ang 1** upang Kumpirmahin ang Pangalan ng Konsyumer kapag na-prompt.
6. **Piliin ang 2** para sa Historical na Pag-punch.
7. **Piliin ang** wastong Code para sa Serbisyo na may mga ibinigay na prompt (Halimbawa: Kada Oras na ADL/IADL-1).
8. **Makinig** habang binabasa ng system ang available na bilang ng oras sa awtorisasyon, **Piliin** ang 1 upang magpatuloy o 2 upang kanselahin at tapusin ang tawag.
9. **Ilagay** ang Petsa ng Serbisyo sa format na MMDDYYYY (Halimbawa: Ang Agosto 1, 2021 ay 08012021).
10. **Ilagay** ang Oras ng Pag-clock In sa format na HHMM format (Halimbawa: ang 8:30 ay 0830).
11. **Piliin** ang 1 para sa AM o 2 para sa PM.
12. **Ilagay** ang oras ng Pag-clock Out sa format na HHMM (Halimbawa: ang 4:45 ay 0445).
13. **Piliin** ang 1 para sa AM o 2 para sa PM.
14. Babasahin ulit ang mga Detalye sa Pag-punch sa Rekording, **Piliin** ang 1 upang Kumpirmahin.
15. **Makinig** sa pagpapatunay sa canned na pahayag na “Naka-link sa code para sa serbisyo na ito ang mga canned na pahayag. Pumili ng hindi bababa sa isang canned na pahayag. Para sa ‘Wasto ang oras. Ang pamemeke ay maaaring ituring na panloloko sa Medicaid,’ piliin ang 1 para sa oo at 2 para sa hindi.”
16. **Piliin** ang 1 para sa Oo.
17. **Makinig** habang sinusuri ng system ang mga detalye ng pag-punch. **Piliin ang 1** upang kumpirmahin o ang 2 upang i-edit.
18. **Simulan** ang Pag-validate ng Konsyumer, Iabot ang telepono sa konsyumer.
19. Konsyumer **Piliin** ang 1 kapag handa na.
20. Makiking ang konsyumer sa mga detalye ng pag-punch, **Piliin** ang 1 upang Tanggapin Accept o 2 upang Tanggihan.
21. **Ilagay** ng konsyumer ang kaniyang PIN upang i-validate.
22. Awtomatikong matatapos ang tawag.



Q&A para sa OR PTC DCI Landline

Hindi nakikilala ng system ang aking PIN. Ano ang dapat kong gawin?

Orihinal na nakatakda ang inyong PIN bilang ang huling apat na digit ng inyong pangunahing numero ng telepono. Kung wala kayong naka-file na numero ng telepono noong ginawa ang inyong profile, ang inyong PIN ay 0000. Puwede ninyong palitana ng inyong PIN sa Web Portal sa Settings. Tingnan ang [Palitan ang PIN](#) para sa iba pang impormasyon.

Kapag nagka-clock in, nakatatanggap ako ng voice message na nagsasabing walang aktibong awtorisasyon para sa account na ito. Ano ang dapat kong gawin?

Ibig sabihin, walang awtorisasyon (ibig sabihin, walang oras at/o milya) para sa konsyumer na ito at Code para sa Serbisyo sa OR PTC DCI. Makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan upang humingi ng tulong.

Kapag nagka-clock out, nakatatanggap ako ng voice message na nagsasabing tatanggihan ang pag-punch, ano ang ibig sabihin nito?

May ilang iba-ibang dahilan kung bakit maaaring tanggihan ang inyong entry. May iba-ibang mensahe ang bawat isa.

Unang opsiyon, kung maririnig ninyo ang sumusunod na mensahe sa panahon ng pag-clock out matapos kumpirmahin ang pahayag ng pagpapatunay, ibig sabihin, nilabag ninyo ang panuntunan sa negosyo na Authorization Remaining Balance.

“Tatanggihan ang pag-punch na ito, dahil walang sapat na yunit o dolyar na available sa awtorisasyon upang masuportahan ang pag-punch na ito. Makipag-ugnayan sa inyong superbisor. Salamat sa pagtawag sa system ng Oregon Provider Time Capture (Pagkuha ng Oras para sa Tagapagbigay-serbisyo sa Oregon). Paalam.”

Ibig sabihin, lampas na ang inyong entry sa inyong awtorisadong oras para sa kasalukuyang pay period. Awtomatikong tatanggihan ang entry, at hindi kayo babayaran para dito. Upang mabayaran para sa oras na tinrabaho ninyo, dapat kayong gumawa ng historical na entry para sa dami ng oras sa loob ng awtorisadong dami para sa inyo. Makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan kung kailangan ninyo ng tulong.

Ikalawang opsiyon, kung maririnig ninyo ang sumusunod na mensahe sa pag-clock out matapos kumpirmahin ang pahayag ng pagpapatunay, ibig sabihin sinubukan ninyo na mag-claim ng higit sa 16 na oras sa isang pag-punch.

“Tatanggihan ang pag-punch na ito dahil hindi puwedeng lampas sa 16.00 ang kabuoang dami ng oras ng pag-punch. Naglagay kayo ng xx. Salamat sa pagtawag sa system ng Oregon Provider Time Capture (Pagkuha ng Oras para sa Tagapagbigay-serbisyo sa Oregon). Paalam.”

Ibig sabihin, mas matagal sa 16 na oras ang inyong entry. Awtomatikong tatanggihan ang entry, at hindi kayo babayaran para dito. Upang mabayaran para sa oras na tinrabaho ninyo, dapat kayong gumawa ng historical na entry para sa dami ng oras na wala pang 16 na oras. Makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan kung kailangan ninyo ng tulong.

Ikatlong opsiyon, kung maririnig ninyo ang sumusunod na mensahe sa pag-clock out if matapos kumpirmahin ang pahayag ng pagpapatunay, ibig sabihin, nilabag ninyo ang panuntunan sa negosyo na Employee Service Account End Date Punch Entry.

“Tatanggihan ang pag-punch na ito, dahil tinatangka ninyo na maglagay ng pag-punch para sa petsa ng serbisyo na lampas na sa petsa ng tapos ng inyong account sa serbisyo ng empleyado. Makipag-ugnayan sa inyong superbisor. Salamat sa pagtawag sa system ng Oregon Provider Time Capture (Pagkuha ng Oras para sa Tagapagbigay-serbisyo sa Oregon). Paalam.”

Ibig sabihin, may petsa sa OR PTC DCI na nagsasaad na hindi na kayo nakikipagtrabaho sa konsyumer na ito. Hindi kayo makapaglilagay ng petsa pagkatapos ng petsang inilagay ninyo bilang inyong huling araw ng pakikipagtrabaho sa konsyumer. Kung nagtatrabaho kayo para sa konsyumer na ito, makipag-ugnayan sa inyong Lokal na Tanggapan upang abisuhan sila na nagtatrabaho kayo para sa konsyumer na ito. Tukuyin na may petsa ng tapos sa OR PTC DCI. Pagkatapos, makikipag-ugnayan ang Lokal na Tanggapan sa PTC Support Team upang alisin ang petsa. Kapag kumpleto na ito, makakapaglagay ka na ng oras para sa konsyumer na ito.

Kapag kaugnayan na ninyo ulit ang inyong konsyumer, upang mabayaran para sa oras na ito, kakailanganin ninyong maglagay ng historical na entry upang iulat ang inyong oras para sa buong shift na iyon. Tingnan ang [Mga Historical na Entry sa OR PTC DCI Landline](#) para sa iba pang impormasyon.

Ano ang puwedeng maging dahilan ng pagka-disconnect/pagtapos ng tawan kapag sinusubukang mag-clock in/out?

Ang sumusunod ay ang mga posibleng dahilan kung bakit madi-disconnect ang tawag:

- Pag-aalangan, o paghihintay nang masyadong matagal, bago pindutin ang isang button pagkatapos ng prompt
- Hindi pagpindot sa 1 sa pahayag ng pagpapatunay/canned na pahayag
- Paglalagay ng maling PIN o huling apat na digit ng inyong SSN
- Hindi paglalagay ng inyong PIN pagkatapos ng pagpapatunay
- Naka-block o may restriksiyon ang numero ng landline na telepono ng konsyumer

OR PTC DCI Fob

Ang OR PTC DCI Fob ay isa pang pamamaraan sa EVV na puwedeng gamitin ng konsyumer sa bahay.

- Ang fob ay isang maliit na device na dapat panatilihin sa bahay ng konsyumer.
- Dapat ay na-access ninyo ang internet nang hindi bababa sa isang beses kada pay period upang ilagay ang inyong mga oras sa fob sa OR PTC DCI Web Portal.



Paalala: **Hindi** narerekord ang oras kapag pinindot ang button. Ginagamit ang ipinakikitang code upang beripikahing sinimulan ninyo na magtrabaho sa panahong sinabi ninyo.

Paggamit ng OR PTC DCI Fob

1. Sa simula ng shift, hahanapin ninyo ang OR PTC DCI Fob na nasa pirming lugar sa bahay ng konsyumer. Pindutin ang pulang button sa fob sa simula ng shift. Isulat ang 6 na digit na code at ang inyong oras ng simula sa papel na timesheet.
2. Sa tapos ng shift, hanapin ulit ang OR PTC DCI Fob. Pindutin ang pulang button sa fob sa tapos ng shift. Isulat ang 6 na digit na code at ang inyong oras ng tapos sa papel na timesheet.

7:59AM na, ang fob code ay xxxxxxxx

Paalala: Kung pipindutin ninyo ang button at hindi lalabas ang mga numero nang sapat na matagal upang mairekord ninyo ang numero, pindutin ulit ang button at irekord ang bagong numerong lalabas. Ang ikalawang numerong ito ay ang ilalagay ninyo kapag ginagawa ang entry ng trabaho.



Timesheet para sa OR PTC DCI Fob

- Gumawa ang Ahensiya ng opsiyonal na papel na timesheet upang magamit ninyo at matulungan kayo na subaybayan ang inyong mga token sa fob. Maa-access din ang mga ito sa PTC.Oregon.gov (piliin ang Learning Materials (Materyales sa Pag-aaral) mula sa kaliwang bahagi). Hindi **puwedeng** ihain sa Lokal na Tanggapan upang pabayaran.
- Dapat ninyong ilagay ang fob data na nakolekta sa (mga) timesheet sa OR PTC DCI Web Portal.

Gabay sa Tagapagbigay-serbisyo



- Bago matapos ang pay period, mag-log in sa OR PTC DCI Web Portal mula sa web enabled device upang ilagay ang inyong oras. Kasama sa mga web enabled device ang mga computer, laptop, smartphone, at tablet.



Paalala: Magkakaroon pa rin kayo ng kaparehong palugit sa pagsusumite ng inyong mga entry ng oras sa Ahensiya gaya ng ginawa ninyo sa proseso ng papel na voucher upang matiyak na nasa oras ang pagbabayad. Tingnan ang Kalendaryo ng Payroll sa HCW/PCA para sa mga detalye.

Revision Date: 4/29/2021

OR PTC DCI Fob Timesheet

Provider Name: _____

Consumer Name: _____

Service Period: _____ Mileage: _____

***Do not submit fob timesheets. These are for your records only.** Shift information must be entered into the OR PTC DCI Web Portal (<https://orptc.dcisoftware.com/>) no later than 3 business days after the service period ends for timely payment.

Service Date	Clock-in Time		Clock-out Time		
	MM/DD/YY	HH:MM	AM/PM	HH:MM	AM/PM
Clock-in Fob:				Clock-out Fob:	
Tasks Provided:					

Service Date	Clock-in Time		Clock-out Time		
	MM/DD/YY	HH:MM	AM/PM	HH:MM	AM/PM
Clock-in Fob:				Clock-out Fob:	
Tasks Provided:					

Q&A para sa OR PTC DCI Fob

Pinindot ko ang button, pero nawala ang numero bago ko ito maisulat! Ano ang dapat kong gawin?

May built-in na timer ang fob. Ipinakikita ito sa kaliwang bahagi ng mga numero bilang set ng mga linya (tingnan ang asul na arrow sa larawan). Kapag pinindot ang pulang button, ipinakikita ang timer, at mawawala ang mga linya habang paubos na ang oras. Kung pipindutin ninyo ang pulang start button at may isa o dalawa lang na linya, hayaang maubos ang timer at maging blangko ang display. Pindutin ulit ang pulang start button at magpapakita ng bagong code na may mas maraming oras upang maisulat ninyo ang code.



Aksidente kong napindot ang button nang higit sa isang beses! Ano ang dapat kong gawin?


Kung pipinduntin ninyo ulit ang button at magpapakita ng bagong fob code. Hindi ipakikita ang mga dati nang naka-display na fob code kapag nawala na ang mga ito. Isulat ang bagong fob code na ipakikita.

OR PTC DCI Web Portal

Bilang tagapagbigay-serbisyo, gagamitin ninyo ang OR PTC DCI Web Portal upang:

- Tingnan ang inyong dashboard.
- Gamitin ang Module para sa Pagpapadala ng Mensahe sa OR PTC DCI.
- Magdagdag ng mga entry ng oras sa fob (kung ginagamit ninyo ang opsiyong fob).
- Magdagdag ng mga historical na entry ng oras.
- Magdagdag ng mga entry ng mileage.
- Tingnan, i-edit, at pangasiwaan ang inyong mga entry.
- I-access ang DCI Help Center.

Suriin natin ang mga ito nang paisa-isa.



The screenshot shows the OR PTC DCI Web Portal dashboard for Provider Susannah, covering the period from 04/25/2021 to 05/01/2021. The dashboard includes an Overtime Gauge, Total Hours summary, Expiring Certifications table, Online Training section, and a News Post.

Provider Susannah ◀ 04/25/2021 To 05/01/2021 ▶

Overtime Gauge 04/25/2021 To 05/01/2021

Legend: 0 To 30 (Green), 30 To 40 (Yellow), 40+ (Red)

1311-EU

1.5

Total Hours 04/25/2021 To 05/01/2021

Approved By:	0.00
Pending Hours:	1.50
Unverified Hours:	0.00
Total Hours:	1.50

Expiring Certifications

Certification Name	Certification Expiration Date	Link to Certification Course
--------------------	-------------------------------	------------------------------

Online Training

Certification Requirement Name

Certification Requirement Name


News Posts Showing 1 out of 1 record

Welcome to OR PTC DCI!
Welcome to OR PTC DCI!
Apr 27, 2021 05:02:38 PM Super UserTwo

Pag-log In sa OR PTC DCI Web Portal

I-explore muna natin kung paano mag-log in sa OR PTC DCI Web Portal. Mula sa desktop o laptop computer, sundin ang mga hakbang na ito:

1. Mag-navigate sa orptc.dcisoftware.com.
2. Ilagay ang username at password na ibinigay sa inyo (tingnan ang [Impormasyon ng Username at Password](#)).
3. Piliin ang Sign In (Mag-sign In).



Paalala: Puwede ninyong palitan ang inyong wika sa pahina ng pag-log in sa pamamagitan ng pagpili sa button ng wika sa kanang sulok sa itaas. Ang default na wika ay naka-set sa English.

Inirerekomenda naming i-bookmark ang webpage na ito sa inyong browser.


Pagkatapos ninyong mag-log in, makikita na ninyo ang Provider Attestation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo) at ang System Use Notification (Abiso sa Paggamit ng System). Ayon sa Provider Attestation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo), kayo, bilang tagapagbigay-serbisyo, ay maglalagay ng mga tumpak na oras ng tapos at simula at tatapos lang ng mga gawaing nasa inyong aprobadong listahan ng mga gawain. Sa pamamagitan ng pagpili ng OK sa Provider Attestation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo), kinikilala ninyo na ang pamemeke ng impormasyong ito ay maaaring ituring bilang panloloko sa Medicaid. Kapag nagka-clock out o gumagawa ng entry ng oras, kikilalanin ninyo ulit ang Provider Attestation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo) sa pamamagitan ng paglalagay ng check sa kahon o sa pamamagitan ng pagpindot sa 1 para sa oo kapag ginagamit ang landline.

Sa System Use Notification (Abiso sa Paggamit ng System) na lalabas kapag nag-log in kayo, isinasaad na sinusubaybayan at nirerekord ang OR PTC DCI. Ang layunin ng system ay subaybayan ang mga oras na tinrabaho ng mga aprobadong tagapagbigay-serbisyo at upang masigurong nasusunod ang mga alituntunin sa EVV ng estado at pamahalaang pederal. May



kasamang personal at kumpidensiyal na impormasyon ang OR PTC DCI. Huwag kailanman ibahagi kahit kanino ang inyong impormasyon sa pag-log in. Sa pamamagitan ng paggamit sa system, sumasang-ayon kayo sa mga tuntuning ito. Pakibasa nang mabuti ang Provider Attestation (Pagpapatunay ng Tagapagbigay-serbisyo) at ang System Use Notification (Abiso sa Paggamit ng System). Maaari kayong makakita ng iba pang News Posts (Mga Post ng Balita) na may tips o impormasyon tungkol sa mga pag-update ng system.

Suriin at piliin ang OK upang kilalanin at tanggapin ang content sa bawat Post ng Balita.





News Posts

Subject - System Use Notification

Message:


The user is accessing a restricted system. System usage may be monitored, recorded, and subject to audit. Unauthorized use of the system is prohibited and may be subject to criminal, civil, or administrative penalties. Use of the system constitutes consent to monitoring and recording. The intent of the site is to allow authorized participants of Oregon Project Independence, State Plan Personal Care within OHA's Health Systems Division and ODHS's Aging & People with Disabilities division, and the In-Home Consumer Employed Provider program to track delivery of authorized services.

You are only authorized to use this site, or any information accessed through this site, for its intended purpose. Unauthorized access or unauthorized sharing of personal and confidential information may be punishable by fines under state and federal law. Unauthorized access or unauthorized sharing may also be criminally punishable. The State of Oregon follows federal and state law and regulations to protect the information from misuse or unauthorized access.

Ok

Dashboard ng Pangkalahatang Ideya ng OR PTC DCI Web Portal.

Ang Dashboard ang unang bagay na makikita ninyo pagkatapos ng Mga Post ng Balita. Suriin natin ang bawat bahagi ng inyong Dashboard nang paisa-isa.



The screenshot shows the user's dashboard for Shaggy Rogers. It includes a navigation menu on the left with options like DASHBOARD, ENTRIES, ACCOUNTS, and PROFILE CERTIFICATION. The main content area displays an overtime gauge for the current week (02/19/2023 to 02/25/2023) with a legend for 0 To 30, 30 To 40, and 40+ hours. A table shows the total hours breakdown: Approved (0.00), Pending Hours (0.00), Unverified Hours (0.00), and Total Hours (0.00). Below the table are sections for Authorizations and Expiring Certifications.

Paalala: Hindi gagamitin ng Ahensiya ang Mga Mag-e-expire nang Sertipikasyon o ang mga porsiyon ng Online na Pagsasanay ng Dashboard sa ngayon.

Sa inyong Dashboard, makikita ninyo ang sumusunod:

1. Isang dropdown na menu na nasa inyong gustong wika
2. Inyong username
3. Isang hyperlink papunta sa DCI Help Center
4. Isang icon ng sobre na magdadala sa inyo sa Module para sa Pagpapadala ng Mensahe
5. Mahahalagang mensahe mula sa Ahensiya na tinatawag na Mga Post ng Balita
6. Tab na Entries (Mga Entry) – Piliin ang menu item na ito upang makita ang lahat ng entry ng oras na nagawa ninyo.
7. Tab na Accounts (Mga Account) – Piliin ang menu item na ito upang makita ang listahan ng mga konsyumer na pinagtatrabahuhan ninyo at kung may nakatalaga sa inyong mga oras, milya, o pareho
8. Profile Certification (Sertipikasyon ng Profile) – Hindi gagamitin ang menu item na ito sa ngayon
9. Overtime Gauge - Ipakikita sa seksiyong ito kung ilang oras ang tinrabaho ninyo sa kasalukuyang linggo ng trabaho

10. Total Hours (Kabuoang Oras) - Ipakikita nito kung ilang oras ang inilagay ninyo na pasado sa lahat ng panuntunan sa negosyo (Aprobado); ilang oras ang inilagay ninyo na hindi pa naaaprobahan (Nakabinbin); ang bilang ng oras na inilagay sa inyong ngalan na kailangan ninyong beripikahin (Hindi Beripikado); at ang kabuoang oras na tinrabaho ninyo sa kasalukuyang linggo ng trabaho
11. Widget na Authorizations (Mga Awtorisasyon) – Ipinakikita nito sa inyo kung ilang oras ang awtorisado sa inyo at ilan pa ang puwede ninyong i-claim para sa partikular na konsumer para sa partikular na pay period

The screenshot shows the OR PTC DCI dashboard interface. The top navigation bar includes 'HOME', 'Help', 'Site', 'A14.Provider...', and 'English'. The left sidebar contains 'DASHBOARD', 'ENTRIES', 'ACCOUNTS', and 'PROFILE CERTIFICATION'. The main content area is titled 'Home / Dashboard' and features an 'Add Entry' button. The dashboard is divided into several sections:


- Section 1:** A14 Providers (01/02/2022 To 01/08/2022)
- Section 2:** Overtime Gauge (01/02/2022 To 01/08/2022) for provider 1311-EU, showing 1.5 hours. The gauge has three segments: 0 To 30 (green), 30 To 40 (orange), and 40+ (red).
- Section 3:** Total Hours (01/02/2022 To 01/08/2022) summary table:

Category	Hours
Approved By:	0.00
Pending Hours:	1.50
Unverified Hours:	0.00
Total Hours:	1.50
- Section 4:** Authorizations section with search filters for 'Type Client Name' and 'Date of Service', and 'Search' and 'Reset' buttons.
- Section 5:** News Posts section showing a single record: 'Welcome to OR PTC DCI!' dated Apr 27, 2021 05:02:38 PM by Super UserTwo.


Paalala: Ang Overtime Gauge at Total Hours (Kabuoang Oras) ay nagpapakita lang ng mga oras sa isang linggo. Hindi isinasaad sa mga seksiyong ito kung ilang oras ang inawtorisa ng Case Manager upang trabahuhin ninyo o ang lingguhang limitasyong itinalaga sa inyo. Kung kailangan ninyo ang impormasyong iyon, makipag-ugnayan sa Lokal na Tanggapan.

Paano gamitin ang Widget na Authorizations (Mga Awtorisasyon)

1. Pagkatapos ninyong mag-log in sa web portal, mapupunta kayo sa home page o dashboard. Mag-scroll down upang makita ang Authorizations (Mga Awtorisasyon) sa gitna ng pahina. Ito ang tinatawag na Widget na Authorizations (Mga Awtorisasyon).
2. Simulang i-type ang pangalan ng konsyumer sa field na Type Client Name (I-type ang Pangalan ng Kliyente). Kapag 3 o higit pang karakter ang na-type, may lalabas na drop-down. Piliin ang pangalan ng konsyumer mula sa drop-down na listahan.



3. Piliin ang field na Date of Service (Petsa ng Serbisyo). Mula sa kalendaryo, pumili ng petsa sa loob ng pay period na pinag-uusapan. Halimbawa, kung gusto ninyong malaman kung ano magkano ang inyong Remaining Balance (Natitirang Balanse) para sa kasalukuyang pay period, ilagay ang petsa ngayong araw.



4. Piliin ang Search (Hanapin).
5. Lalabas ang lahat ng awtorisasyon para sa konsyumer at pay period na ito. Ipinakikita sa Service Code (Code para sa Serbisyo) kung para sa oras ito o milya.
6. Ang Current Available Balance (Kasalukuyang Available na Balanse) para sa panahong ito ay nakalista sa kanan ng Pre-Authorizations Holds.

Service Code	Start Date	End Date	Initial Balance	Remaining Balance	Pre Authorizations Holds	Current Available Balance
Hourly ADL/IADL-1	02/05/2023	02/18/2023	20.00	20.00	0.00	20.00

Accounts (Mga Account) sa OR PTC DCI Web Portal

Sa tab na Accounts (Mga Account), makikita ninyo ang lahat ng konsyumer na pinagtatrabahuan ninyo. Pang-impormasyon lang ang tab na ito. Hindi ninyo kailangang gumawa ng anumang aksiyon dito.

Home / Accounts

Accounts

Select Account Type: [v] Type Client Name: [] Type Service Code: []

Active: [v] Select Unit: [v]

Reset Search

Export

Showing 6 out of 6 records

Client Name/ Employee Name	Account Type	Service Code	Cost Center	Unit Type	Status
Consumer Susannah	Hourly	Behavioral Health Personal Care-1	Asian Health Services	Hourly	Active
Consumer Susannah	Client Transportation	Mileage-1	Albany AAA-EU	Miles	Active
Consumer Susannah	Hourly	Hourly ADL/IADL-OPI-1	Albany AAA-AUTH	Hourly	Active
Consumer Susannah	Hourly	Hourly ADL/IADL-1	Burns APD-EU	Hourly	Active

Pangkalahatang Ideya ng Module para sa Pagpapadala ng Mensahe sa OR PTC DCI Web Portal

Ang OR PTC DCI ay may sariling sistema ng pagpapadala ng mensahe. Bibigyang-daan kayo nito na magpadala ng mga secure na mensahe sa inyong kontak sa inyong Lokal na Tanggapan. Maaari din kayong makatanggap ng mga system-generated na mensahe mula sa OR PTC DCI. Sa itaas ng inyong dashboard, makakikita kayo ng pulang alerto kung may mensahe kayo na may mataas na priyoridad. Hindi kayo makakukuha ng alerto para sa mga mensaheng hindi isinasaad bilang mataas na priyoridad. Upang makita ang inyong mga mensahe, piliin ang icon ng sobre at piliin ang See All Messages (Tingnan ang Lahat ng Mensahe).


Paalala: Ang Module para sa Pagpapadala ng Mensahe sa OR PTC DCI ay hindi dapat gamitin para sa mga pang-emergency na komunikasyon.

Upang makita ang inyong mga mensahe sa module para sa pagpapadala ng mensahe, mag-log in sa OR PTC DCI pagkatapos ay sundin ang mga hakbang na ito:

1. Piliin ang sobre sa kanang sulok sa itaas ng screen.
2. Piliin ang See All Messages (Tingnan ang Lahat ng Mensahe)


Paalala: Kapag may mga mensaheng may Mataas na Priyoridad, may lalabas na pulang alerto sa itaas ng OR PTC DCI Dashboard kapag nag-log in sila.

Dadalhin kayo sa Module para sa Pagpapadala ng Mensahe.




Upang magbasa ng mensahe sa Inbox:

1. Piliin ang Inbox ng mga mensahe




2. Basahin ang inyong mensahe sa pahina ng Message Details (Mga Detalye ng Mensahe)



Ngayon, alamin natin kung paano magpadala ng mensahe sa inyong Lokal na Tanggapan mula sa Module para sa Pagpapadala ng Mensahe.


Upang magpadala ng mensahe:

1. Piliin ang Actions (Mga Aksiyon)
2. Piliin ang New Message (Bagong Mensahe)



3. Sunod, sagutan ang mga sumusunod na field:

- a. Para kay: Simulang i-type ang unang 3 titik ng pangalan o apelyido ng taong gusto ninyong padalhan ng mensahe at pumili ng pangalan mula sa dropdown menu kapag lumabas na ito.
- b. Subject: I-type ang subject ng mensahe sa kahon para sa Subject.
- c. Priority (Priyoridad): Piliin ang antas ng priyoridad mula sa dropdown menu.
 - i. Piliin ang Low (Mababa), Medium (Katamtaman), o High (Mataas) mula sa dropdown menu sa kahon para sa Priyoridad.
- d. I-type ang mensahe sa kahon para sa Nilalaman.
- e. Piliin ang button na Send (Ipadala).



The image shows a 'New Message' form with the following fields and annotations:

- To:** A dropdown menu with 'Payroll Specialist' selected. An orange circle 'a' is placed over the dropdown arrow.
- Subject:** A text box containing 'My time was rejected'. A blue circle 'b' is placed over the text box.
- Priority:** A dropdown menu with 'Low' selected. A blue circle 'c' is placed over the dropdown arrow.
- Body:** A large text area containing the message: 'Hello, Can you please explain why my entry on August 13th was rejected? Thank you, Provider|'. An orange circle 'd' is placed over the text area.
- Buttons:** At the bottom right, there are three buttons: 'Save as Draft', 'Cancel', and 'Send'. A blue circle 'e' is placed over the 'Send' button.

Q&A para sa OR PTC DCI Web Portal

Paano ko mapapalitan ang aking gustong wika gamit ang OR PTC DCI Web Portal?

Gamit ang OR PTC DCI Web Portal, puwedeng mapalitan ang inyong screen para sa gustong wika sa pamamagitan ng pagpili sa dropdown ng language (wika) na matatagpuan sa kanang sulok sa itaas ng screen.

Bakit ko kailangang palitan ang aking password?

